City Government of Calamba

# PROGRAMS

## PRE-MARRIAGE ORIENTATION (PMO)

IDINARAOS SA CITY HALL

SAKLAW NG ORIENTATION:
- Responsible Parenting
- Reproductive Health
- Fertility Awareness
- Financial Planning
- Family Planning

SCHEDULE:
Monday - Wednesday - Friday 1:00PM - 4:00PM 3rd Floor 08,Calamba City Hall

## RESPONSIBLE PARENTING MOVEMENT (RPM)

IDINARAOS SA BARANGAY

SAKLAW NG SEMINAR:
- Kahalagahan ng pagsasama ng mag-asawa
- Pakikitungo ng magulang at anak sa isa't-isa
- Istilo ng pagiging magulang sa anak

## RESPONSIVE, EFFECTIVE & ACTIVE PARENTING (REAP)

IDINARAOS SA BARANGAY DAY CARE CENTERS

SAKLAW NG SEMINAR:
- Kahalagahan ng matatag na pamilya
- Pakikitungo ng epektibo sa asawa at mga anak

*Napapayuhan ang mga magulang tungkol sa matatag na pamilya habang naghihintay sila sa kanilang mga anak.*

## ADOLESCENT HEALTH & YOUTH DEVELOPMENT PROGRAM (AHYDP)

IDINARAOS SA MGA PAARALANG PAMPUBLIKO AT PRIBADO - GRADES 9 & 10

SAKLAW NG ORIENTATION:
- Teenage pregnancy
- Understanding Fertility (Fertility Awareness)
- Rediscovering The Journey of Adolescence
- Discovering Human Sexuality
- Population, Resources & Environment (PRE)

SCHEDULE AND OTHER INQUIRIES: **Vanny Parayno** (049) 545-6789 LOCAL 8329 City Population Management Office 3F 08, Calamba City Hall

INFOGRAPHICS BY: Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO)



## HEARTS DAY, IPINAGDIWANG NG YOUNG @ HEARTS



Masayang idinaos ng mga Senior Citizens ng Calamba ang Araw ng mga Puso noong 9 Pebrero 2018. Ayon kay Ms. Leticia Cabiedes, Presidente ng United Oldies Citizens of Calamba, nagsagawa ng Valentines Zumba Party sa LLC Auditorium ang umabot sa 500 nakatatanda mula sa Calamba City Federation of Senior Citizen Association Inc. (CALCIFES-CA) sa pamumuno ni Ms. Zenaida Diapolette at Elderly Council Federation ng Calamba. Ang okasyong ito ay handog ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco na ginagawa nila taun-taon.

"Masaya po kami, successful at satisfied", ani Cabiedes. "Tumulong sa amin si Mayor Timmy at Ms. Pinky Panganiban sa aming pagkain at sound system", dagdag pa niya. Naisakatuparan ang nasabing okasyon sa pamamagitan ng Office of the Senior Citizens Affair (OSCA). *(Cecil H. Canillas/ Jo Busayong)*

## JOB FAIR PARA SA MGA CALAMBEÑO





Umabot sa 713 aplikante (310 lalaki at 403 babae) ang nag-apply noong 15 Pebrero 2018 sa ginanap na Job Fair sa Calamba City Hall Lobby na nilahukan ng 30 kompanya (26 Local at 4 overseas). Ayon sa tala ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO) sa pamumuno ni Mrs. Noemi E. Talatala, 74 ang hired on the spot (HOTS) at ang iba ay naka iskedyul para sa final interview. Inasistihan din ng mga Barangay Employment Service Officers (BESO) ng Barangay Paciano Rizal- My-Key Mongaya; Barangay Sucol- Joan Grace Capuno; Barangay 2- Raquel Ramiro; Barangay 6- Jonas Panghulan; Barangay Canlubang- Annabelle Murillo; Barangay Masili- Solidario Apacionado at Barangay Sirang Lupa- Mary Jane Manalo ang mga tauhan ng IIPESO bilang training at paghahanda para sa pagkakaroon ng kanilang sari-sariling Job Fair sa kani-kanilang barangay.

Ang nasabing Job Fair ay isa lamang sa maraming proyekto ng ating butihing Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal at ng Sangguniang Panlungsod ng Calamba. *(Cecil H. Canillas/ Noemi Cabrera)*

